# KAPASIYAHAN BLG. 2019-136

**"HUMIHILING SA KAGAWARAN NG PAGBABADYET AT PAMAMAHALA NA NAWA'Y MABIGYAN NG PONDONG SALAPI PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN PARA SA PAGSASAAYOS NG KALSADA PAPUNTA SA *MATERIAL RECOVERY FACILITY (MRF)* SA BARANGAY CATACTE NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYONG PISO (PHP1,000,000.00)."**

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Gemar Aldrich Cruz**
Tagapangulo
Lupon ng Sining, Kultura, Turismo, Pagpaplanong Rurban
at Pagawaing Bayan

**SAPAGKAT**, ang bayan ng Bustos ay may *Material Recovery Facility (MRF)* sa Barangay Catacte na maaaring pagdalan ng basura upang doon ay maihiwalay ang mga bagay na maaari pang i-*recycle*;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing pasilidad ay malayo at mahirap puntahan dahil sa sira-sirang kalsada;

**SAPAGKA'T**, ang pagsasaayos ng daan sa Barangay Catacte ay makakatulong upang mapadali ang serbisyo ng pangongolekta ng mga basura at magsisilbing malaking tulong sa mga mamamayang gumagamit nito;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pagpupulong ay napatunayang ang kahilingang ito sa Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala ay labis na makakatulong sa mga mamamayang Bustosenyo upang maibsan ang problema sa basura.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **IGG. GEMAR ALDRICH CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA,** gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na humiling sa Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala na nawa'y mabigyan ng pondong salapi Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan para sa pagsasaayos ng kalsada papunta sa *Material Recovery Facility (MRF)* sa Barangay Catacte na nagkakahalaga ng Isang Milyong Piso (PhP1,000,000.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim